

Chapter One

“It’s not you, it’s me. Kailangan ko munang hanapin ang sarili ko.”

Bumalik sa alaala ni Calixta ang huling mga salita ni Brett bago siya nito iniwan sa harap ng altar sa itinakdang araw ng kanilang pag-iisang-dibdib. Hindi siya makapaniwalang ginamit ni Brett sa kanya ang worst break-up excuse sa kasaysayan ng mga pautot na palusot!

Akala ba talaga nito ay wala siyang alam sa ginagawa nitong kaliwa’t kanan na pambababae? Ano ang tingin nito sa kanya, bulag at boba? Siguro nga boba siya at tanga dahil nagbulag-bulagan siya.

Mariing naipikit ng dalaga ang kanyang mga mata. Isang taon na ang lumipas pero hiyang-hiya pa rin siya sa nangyari. Hawak na siguro niya ang pinakamataas na pagkilala bilang dakilang stood-up sa istorya ng

mga pusong sawi. Stood up on a date na sampung beses nang nangyari sa kanya sa kakapatol niya sa mga online dating sites bago pa dumating si Brett sa buhay niya, at nang nakaraang taon nga ay stood-up bride.

Bago pa niya nakilala ang dating fiancé ay may isa pang naugnay sa kanya na pinaasa lang din siya at sinaktan.

Nasaan na ang hustisya? Nasa kanya ba ang diperensya? Bakit parati na lang siyang iniwan, umaasa, at nahuhulog? Ang sidhi niya kasing magmahal. Halos wala na siyang itinitira sa sarili niya. Ano nga ba ang tawag sa mga babaeng katulad niya? Martir! Tanga! Sira-ulo! Sumamang umagos sa drainage ang utak!

Pinalis niya ang luhang humalo na sa itim na mascara at gumuhit sa maputla niyang pisngi. Ngayon ang petsa ng kanyang kaarawan at petsa ng anibersaryo ng pagkawasak ng kanyang puso. One year ago ay itinakda sa petsang iyon ang araw ng kasal niya, pero iniwan siya ng walanghiya niyang groom sa altar. Hindi na niya mabilang kung ilang itim na kandila na ang itinirik niya para sa hunghang na lalaki. Sana lang ay inuod na ang maitim nitong budhi.

Tumayo si Calixta at sinuyod ng tingin ang kabuuan sa tapat ng antigong salamin ng kanyang Lola Amalya. Pagkatapos siyang abandonahin noon ng nobyo sa simbahan ay dumerecho siya sa lumang townhouse ng kanyang yumaong lola. Ipinamana nito iyon sa kanya. She was glad that she did. Naging silong niya ang lumang townhouse sa tuwing kailangan niyang mag-isip o mapag-isa. Doon siya nagpupunta

kapag ayaw niyang makakita ng kahit na anong makulay at masaya.

Lumang-luma na ang bahay na iyon. She didn't dare renovate it. She liked it that way—old and a bit creepy. Napapalibutan na iyon ng matatandang halaman. Gumapang na ang halamang baging sa pader at sa marupok na tarangkahan. Ang tumba-tumba sa harapan ng bahay ay umiingit kada inuuyog ng hangin. Totoong nakakatakot ang lumang townhouse.

Pero sa estado ng puso niya, wala siyang pakialam kahit na mabansagan man siyang ermitanya sa paglulungga niya roon kada naaalala ang kanyang pagkasawi at pagkapahiya.

Bumuntong-hininga si Calixta. Hinatak niya ang tali at pin na nakatusok sa buhok at hinayaang bumagsak ang maalun-alon at kulay mais niyang buhok na umabot hanggang gitna ng likod ang haba. Pinagmasdan niyang maigi ang mukha. “Maganda naman ako, ah.” Maganda ang hugis ng kanyang mga mata na bahagyang sumisingkit sa dulo, matangos ang ilong, at manipis ang mga labi. Mas mukha siyang dayuhan kahit wala naman siyang dugong banyaga.

“Pero kahit na anong ganda, hindi naman masaya. Ang saklap ng buhay ko,” aniya sa sarili. Kahit isang taon na ang lumipas ay malinaw pa rin sa isip niya ang masalimuot na araw na iyon. “Lord, bakit? Bakit ang malas-malas ko sa pag-ibig? Dahil ba 'to sa nunal ko?” Hinaplos niya ang gatuldok sa liit na nunal sa ilalim ng kaliwang mata na eksaktong daluyan ng luha.

Sabi ng matatanda, malas daw sa pag-ibig ang nunal niya. “Ano ba talaga ang pag-ibig? Lord, sumagot

Ka!” Lumagabog ang gate sa labas bilang tugon. Napaigtad siya at tiningala ang kisame. “Lord naman, joke lang, no pressure. Nagdadabog agad? Hindi Ka naman mabiro.” Mula sa loob ng bahay ay dali-dali siyang dumungaw sa bintana at nagimbal nang makitang nasira ang gate. “Oh no, no, no.”

Halos matisod si Calixta sa laylayan ng kanyang itim na bestida sa pagmamadaling makalabas ng bahay. Hinagilap ng mga mata niya sa nagsangay na daanan ang posibleng bumangga sa gate. Nakita niya ang isang payat at matangkad na lalaking nakasakay sa bisikleta at todo sa pagpadyak. Natitiyak niyang ang lalaking iyon ang may sala!

“Hoy, teka! Bumalik ka rito! Sinira mo ang gate ko, hoy!” Sinipulan niya ang lalaki at pinituhan. Sa malas ay inignora lang siya nito.

Sinapo ng dalaga ang magkabila niyang pisngi; nakukunsumi sa kanyang buhay. Naranasan na nga niyang hindi siputin ng groom pagkatapos may sumalpok pa ngayon sa marupok nang gate na kasing-rupok na ng puso niya! Ano, sign ba ito? Sign na mawawasak lang din ang puso niya at hindi na mabubuo kailanman?

“Hindi!” mahaba niyang sigaw sa kalangitan. Huminto ang mga dumaraang tao sa tapat ng bahay at pinukol siya ng nagtatanong na tingin. Tingin siguro ng mga ito ay nababaliw na siya. “Sorry!” Ipinatong niya ang isang braso sa mailbox na nasa gilid ng nasirang tarangkahan na sa kalumaan ay nabakbak na ang pulang pintura. “Lord, bigyan po sana Ninyo ako ng sign na magtatapos na ang paghihirap ng kalooban

ko,” sambit niya, wala sa loob na sumulyap sa mailbox. May kumislap sa loob niyon na nagpataas sa kilay niya. Isinuksok niya ang kamay sa loob at inabot ang bagay na iyon. “Sulat?”



Chapter *Two*

*P*ag-ibig,

Are you happy now? You should be! Natalo ako. Natalo ako sa puso ng taong mahal na mahal ko. Hiningi ko ang tulong mo. Hiningi ko sa iyong ibigay mo sa akin ang totoong pag-ibig. Pero binigo mo lang ako. Sinaktan mo ako. Look what you did to me. So yes, you should be totally happy now.

Yuan

“Sulat para sa pag-ibig?” Kunot-noong itiniklop ni Calixta ang sulat. Hindi nakalagay ang pangalan ng taong susulatan at naka-address sa ‘pag-ibig’ ang mensahe nito. Kaya hindi niya iyon maaaring ihulog sa post office.

Bago ang papel at amoy-mayaman nang singhutin niya. Hindi amoy-nabubulok. “Sino kaya ang Yuan na ‘to? Mukhang miserable ring kagaya ko.” Kung hindi ito miserable ay bakit hindi na lang ito sumulat sa totoong tao at kung saan-saan pa idinadaan ang mensahe. Sino ba ang taong may matinong utak na susulatan para sumbatan lang ang walang muwang na ‘pag-ibig’?

Tinanaw niya ang kalangitan. “Lord, ito na ba iyon? Ito na ba ang lalaking ipinadala N’yo para wakasan ang paghihinagpis ko? Juice ko Lord, bakit parang may sayad naman yata? Iyong matino naman ho sana.” Kibit-balikat niyang dinala sa loob ng townhouse ang sulat at inihagis sa lamesa. Hindi malaman ni Calixta kung aasa siya sa ‘sign’. Nangalumbaba siya at nagsindi ng kandila.

“Happy twenty-fifth birthday to me,” walang kagalak-galak niyang pagbati sa sarili. “Ito na ba ang pinakamalas na yugto ng buhay ko?”

Tatlong bagay ang sertipikadong malas sa buhay ni Calixta—the number 25, hot days in September, and half-naked men. Beinte-cinco años ang unang lalaking inibig niya, si Chad, na nakilala niya sa buwan ng Setyembre habang nagbibilad ng abs sa isang beach resort. Ang ending? He cheated on her. Hindi lang isa ang kasabay niya. Lima ang pinagsabay-sabay nito!

25, hot, and half-naked—Mainit na buwan ng Setyembre rin nang bisitahin niya ang isang kaibigan. Pero imbis na apartelle room 24 ay kumatok siya sa room 25 at sinalubong ng half-naked Canadian at napagkamalang prostitute. Mabuti na lang at hindi siya nagahasa.

Ang pinakamasaklap, September 25 ang petsa ng kasal niya at habang patungo silang simbahan ay bigla na lamang may tumawid na lasing sa daan na walang suot na pang-itaas! Para sa kanya ay katumbas niyon ang itim na pusa na sinasabing may dalang masamang pangitain. Iyon na nga, hindi natuloy ang kasal niya.

Marami pang naging kaakibat na kamalasan sa buhay niya ang tatlong bagay na iyon. Bumuntong-hininga si Calixta. September 25 na ang petsang kasalukuyan at beinte-cinco años na rin siya. Isang sangkap na lang ang kulang para mabuo ang formula na nagdadala ng kamalasan sa buhay niya.



Nagising si Calixta sa mga kaluskos sa labas ng bahay. Pilit niyang iminulat ang kaliwang mata. Tumambad sa kanya ang butas na kisame. Sa direktang ilalim niyon ay malaking palanggana na halos mapuno na ng tubig-ulan. Naalala niyang umulan nga pala nang nagdaang gabi. Akala pa nga niya ay tatangayin na ng malakas na hangin ang bubong ng townhouse.

“Kailangan ko na talagang ipaayos iyan,” paalala niya sa sarili. Pilit niyang hinihila pabangon ang sarili. Mabigat ang katawan niya na tila dinaganaan ng elepante. Binabarena rin ang ulo niya sa sakit. Nasapo ng dalaga ang sentido. “Oh God, kailan pa matatapos ang penetensya ko?”

Tumayo siya at tinungo ang kusina. Nag-toast siya ng tinapay at nagtimpla ng gatas. Kagat niya ang toasted bread habang hawak sa isang kamay ang gatas at abala naman sa pagbukas ng fridge ang kabila.

Kinuha niya ang ice bag at ipinatong sa tuktok ng ulo.

Pagdating niya sa sala ay sumalampak kaagad siya ng upo sa couch, tinatanaw ang mailbox sa labas ng bahay. May nag-uudyok sa kanya na lapitan iyon. *Come on, puntahan mo na. Gustung-gusto mo naman talagang tingnan,* udyok ng konsyensya niya.

“This is weird,” aniya nang nasa tapat na siya ng lumang mailbox at kamuntikan pang mapaatras nang makumpirma ang bulong ng utak. May sulat nga! “Now, this is weirder.” Kinuha niya ang sulat at mabilis na binasa.

Pag-ibig,

I really hate you. And I will hate you so long as I live. Sana wala nang tao ang lumigaya pa sa pag-ibig. Sana lahat ay maging miserable. Sana lahat ay dumanas ng kabiguan, ng matinding kabiguan.

Yuan

Tumaas ang kilay ni Calixta. “Ay, grabe! Mas bitter siya. Miserable at chararat siguro ang Yuan na ’to. Lahat ng tao’y dinamay na sa kabiguan.” Dumaan sa balintataw niya ang pigura ng payat at matangkad na lalaking nakasakay sa bisikleta. “Tingin ko chararat talaga.”

Natagpuan niya ang sariling nangangalumbaba na naman sa mesa. Masakit na masakit pa rin ang dibdib niya sa alaala ng pag-abandona sa kanya ni Brett sa araw ng kanilang kasal, pero ayaw pa rin naman niyang

sukuan ang pag-ibig. Hindi kagaya ng Yuan na iyon na gusto pang idamay ang sanlibutan sa paghihinagpis ng puso.

“Ipagdadasal ko ang mga pusong sawi natin.”

Kinabukasan ay may sulat na naman sa mailbox. Kumunot ang noo ni Calixta. Araw-araw na lang bang sasadyain ng Yuan na ito ang townhouse niya para ihulog ang mga sulat? Ang lakas naman ng trip nito. Pupusta siya, may sayad talaga ang lalaki at mukhang totoong miserable at malakas ang kutob niyang chararat na, kokak pa.

Pag-ibig,

I curse you. I curse all the people. I curse the world! I want to die! I want you to die with me, too! Wala nang saysay ang buhay ko! Wala na!

Yuan

Tumikwas ang kilay ng dalaga. Palala nang palala ang galit sa mundo ng Yuan na ito. “He’s hopeless.” Inihagis niya uli ang sulat sa lamesa. Nadi-distract siya sa mga mensahe ng mystery letter sender. Naaalarma siya sa mga mensaheng nakapaloob sa mga sulat nito.

Paano kung gusto na pala nitong wakasan ang buhay? Paano kung magbigti ito? Kung tumalon sa building? Kung magpasagasa sa train? Kung magpakagat sa undin? Inis na ipinadyak ni Calixta ang mga paa. Bakit kasi idinadamay pa siya sa kadramahan nito sa buhay? May sariling puso rin siyang ipinagluluksa!

Tumayo siya at kumuha ng beer sa fridge.

Pinangalahati niya kaagad ang laman niyon. “Buwisit na lalaking ’to! Konsyensya ko pa kung may mangyari sa kanyang masama!” Baka kasi sa mga sulat lang nito inilalabas ang mga hinanakit at walang ibang may nakakaalam maliban sa kanya na dahil sa pagiging dakilang entrimitida ay nakasalalay pa tuloy sa kamay niya ngayon ang kaligtasan ng lalaki.

Tulongan mo na. Busilak ang puso mo, Calixta.

Kailangan ka ng taong iyan, bulong sa kanya ng isang maliit na tinig sa likod ng kanyang utak.

“Oo na! Oo na nga! Tutulong na! Peste naman, ako dapat itong tinutulongan ’tapos ako pa pala ang mag-aabot ng tulong.”

Binuklat ni Calixta ang pangatlong sulat para tingnan kung may nakasulat na address. “5th Street, Cottage Road. Malapit lang ’to.” Suot ang maluwag na t-shirt at abuhing leggings ay sumakay na siya sa kanyang pulang landy van. Nakita niya agad ang phone na nakapatong sa dashboard. Himalang buhay pa ang baterya, pero paubos na iyon. Marami siyang missed calls at text messages mula sa kanyang Ninong Harold.

Lixy, please come home. Nag-aalala ako sa iyo.

Ulilang-lubos na ang dalaga. Sineryoso masyado ng mama at papa niya ang ‘till death do us part’. Nagkasakit ang mama niya at inatake sa puso ang kanyang ama nang makita ang flatline sa cardiac monitor na nakakabit sa kanyang ina. Ayun, naiwan siyang mag-isa sa murang edad. Ang Lola Amalya niya na ina ng kanyang mama ay hindi naman mahagilap. Mas malimit itong mamundok kaysa manatili sa

townhouse nito. Ang huling balita niya bago bawian ng buhay ang kanyang lola ay may tinutulungan itong mga batang taga-bundok para makapag-aral.

Mabuti na lang at to the rescue ang kaibigang matalik ng kanyang papa, si Ninong Harold. Wala itong pamilya at siya na ang itinuring na anak. He treated her like she really was his own blood. Katunayan niyan ay sobrang in-spoil pa siya nito, kaya hindi nakapagtataakang ngayon ay hindi ito magkamayaw sa paghahanap sa kanya.

Ninong, I'm okay. Hindi ako magpapatiwakal, I promise. Kailangan ko lang munang mapag-isa ngayon. Parang hindi na kayo nasanay sa akin. Love you, Ninong.

Pinindot niya ang 'send' matapos mabuo ang mensahe. Wala pang sampung segundo ay umilaw na ang screen ng aparato. Incoming call mula sa kanyang ninong. Bago pa niya ma-cancel ang tawag ay kusa nang namatay ang power ng phone dahil naubusan ng baterya.

"I'm sure you understand me, Ninong. I'm sorry..." bulong na lang niya sa hangin.



Chapter

Three

Tiningnan muna ni Calixta ang mukha sa rearview mirror. Sumingkit lalo ang singkit-singkitin na niyang mga mata dahil sa kakamemote nitong nagdaang mga araw. Wala ring kakulay-kulay ang kanyang mukha. She thought of those penniless breastfeeding mothers. Ganoon niya nakikita ang sarili ngayon sa salamin—kulang sa calcium! Mukha siyang natuyuan ng nutrisyon sa katawan.

She wrestled her compact powder out of her bag. Nagpahid siya nang kaunti at naglagay na rin ng lipstick, pero tingin naman niya ay hindi kumakapit ang kahit anong kolorete sa mukha niya. Inayos na lang niya ang t-shirt bago bumaba ng sasakyan. Gusto niyang umungol nang makita ang No. 25 sa tapat ng itim na gate—in black and bold katabi ang karatulang ‘Beware of dogs’.

“Hah!” Nangingkit ang kanyang mga mata.

“Seriously? House No. 25?” Bahagya siyang umatras para tingalain ang malaking bahay. Sobrang laki niyon. “Ang yaman pala ni Yuan,” mangha niyang usal. Iyon ang bahay na itinuro ng napagtanungan niya kaninang katulong na nakikipagharutan kay manong driver sa katabing bahay.

Pinindot niya ang doorbell at naghintay, pero napapak na ng lamok ang buong braso niya ay wala pa ring ‘Yuan’ na lumabas. Diniinan niya lalo ang pindot sa doorbell at hindi inalis ang daliri.

“What the hell! Sandali lang!” iritadong tugon ng kung sino mula sa loob. Mabibigat ang yabag nito. “What!” Madilim ang mukha ng lalaking nagbukas ng gate. “What do you want?” he asked sharply.

Nalulon ni Calixta ang dila. Hanggang balikang lang siya ng lalaki at tumapat sa bista niya ang nagmumura nitong lower abs at obliques.

“Uh-oh.” House No. 25, under the hot September sun, and a half-naked demigod!

Dahan-dahan siyang nagtaas ng mukha. *Pero ang guwapo niya!*

Matapang ang bukas ng mukha ng binata. Hindi niya masabi kung babagay sa mukha nito ang isang ngiti. Isa lang ang alam niya, ang sexy nitong sumimangot! Ipinilig niya ang ulo. Ano itong mga naiisip niya? Bakit kinikilig siya? Bakit hindi siya makahinga? Dapat ay naghihinagpis pa siya ngayon.

Mariin niyang dinaklot ang tapat ng dibdib. Dumiin sa breastpocket ng shirt niya ang mga kuko. Bakit hindi normal ang pagbilis at paglakas ng pintig

ng puso niya?

“Who the f*ck are you? Ano’ng kailangan mo sa akin?” Sumulyap ito sa landy van niya at nagpakawala ng nababagot na ungol. “I’m not buying anything, okay? Aanhin ko ang tabo, kumot, arinola at sabon? Huwag na ninyo akong kulitin, puwede ba? Wala kayong makukuha sa ’kin. Umalis ka na, and don’t block the driveway.”

Akmang isasara na nito ang gate nang hulihin niya ito sa kamay. “Tekang lang!”

Napaso si Calixta sa natural na init ng balat nito, kaya binitiwang niya kaagad ang binata at nilabanan ang udyok na hipan ang palad na dumaiti sa kamay nito. Halos mabingi siya sa lakas ng pagtibok ng kanyang puso.

“Hindi ako nagpunta dito para magbenta ng kung anu-ano.”

Tumaas lang ang kilay ng kaharap. Malinaw ang pagkabagot sa mukha nito. “Wala akong relihiyon. Hindi ako open-minded. Leave me alone.” Gumalaw ang kamay nito para itulak pasara ang gate, kaya maagap niyang iniharang ang katawan. Tuloy ay naipit ang kaliwang balikat at braso niya.

Nagulat naman ang lalaki at napaatras. His eyes were wide with surprise and shock. “What the—”

“I-ikaw ba si Yuan?”

Nagsalubong ang mga kilay nito. “Bakit? Sino ka ba?”

“A-ako... ako si...” Bakit nauutal siya? Itinulak niya ang gate at hinimas ang nasaktang braso. “A-ako si Calixta. Sa ’yo ba galing ang mga sulat na ’to?”

Hinatak niya ang tatlong papel na inipit niya kanina sa waistband ng leggings at iniumang sa binata.

Sumulyap lang ito sa mga sulat at ibinalik ang tingin sa mukha niya. “Bakit nasa ’yo ang mga iyan? Did you read the letters?”

“Ah, ano... Uhm...”

“Yes, you did.” May kalakip na madiing galit at disgusto sa boses nito.

“M-magpapaliwanag ako. Ako ang may-ari ng mailbox kung saan mo inihuhulog ang mga sulat. Hindi ko naman gustong makialam pero—” Disimulado niya itong sinuyod ng tingin mula ulo hanggang paa. Hindi naman ito tipong suicidal.

“Go away,” he uttered coldly, and slammed the gate in her face.



“I said go away!” maigting na hiyaw ni Yuan nang saktong tumambad ang mukha niya pagkatapos nitong buksan ang gate.

Limang beses na siyang pabalik-balik sa bahay nito at wala pang pagkakataon na hindi siya nito pinagsarhan ng gate.

Memoryado na niya ang ingay na likha ng nagkalampagang bakal at ang hugis ng nagsasalubong nitong mga kilay. Nuknukan ito ng sungit at parati na lang nakasimangot. She wondered if he was heartbroken too? Para kasing may pinagdadaan ito. Mabalasik ang tinging ibinibigay nito sa kanya, pero may kislap ng lungkot siyang nakikita sa mga mata nito.

“Teka, teka! Kausapin mo naman muna ako!”

“Stop pestering me, woman!” asik nito sa kanya.

“Wala akong oras para makipaglokohan sa ’yo!”

“Gusto ko lang namang makipagkaibigan.”

Tinitigan lang siya nang masama ni Yuan at walang pagdadalawang-isip na itinulak pasara ang gate. Sa lakas ay nayanig ang mga buto niya sa katawan. Inis siyang nangunyapit sa itaas ng gate para silipin ang loob at bakuran, pero nakangising mukha ng binata ang sumalubong sa kanya na nakatayo sa di-kalayuan katabi ang dalawang black Doberman Pinscher.

Namilog ang kanyang mga mata nang senyasan nito at utusan ang dalawang aso na lapain siya. “Kill! Bite!” anito.

“Langyang lalaki ’to!”

Nagkandadapa si Calixta sa pagmamadaling dumistansya. Inis niyang sinipa ang gate at muli ring napaigtad nang kumahol nang malakas ang dalawang aso ni Kamatayan sa loob.

“Hmph! Hindi ka kawalan!” sigaw niya, sabay talikod.



Chapter *Four*

Pagulung-gulong si Calixta sa higaan. Hindi siya makatulog. Ginugulo ang diwa niya ng mukha ni Yuan—matapang at lalaking-lalaki. Hindi kawalan? Sino ang niloloko niya? Malaking kawalan talaga ito. Hindi naman ito mukhang miserable, hindi rin chararat, at mas lalong hindi ito ang payat at matangkad na si boy-bisikleta.

Madali siyang ma-attract sa opposite sex, pero kakaiba ang atraksyong nadama niya para sa binata. Hindi pa niya nadama kahit na kanino ang pagsikdo ng dibdib at ang pangapusan ng hangin. The attraction she felt for Yuan was fatal. It might just kill her.

Bumangon sa kama si Calixta. Hindi niya alam kung tama ang nararamdaman niya. Sa isang kisapmata lang ay tila abong tinangay ng hangin ang mga hinanakit niya dahil sa napurnadang kasal noon, dahil

lang sa isang estranghero na ni hindi siya pinakitaan ng maganda.

“Ano ba iyan? Ano ba itong nararamdaman ko!”

Porque guwapo iyong Yuan ay naturete na kaagad ang puso niya. Porque may abs, naglaway na siya! Baka nakakalimutan niyang kinompleto lang naman ni Yuan ang tatlong sertipikadong malas na bagay sa buhay niya at kailangan niyang matakot.

Pero sa kaibuturan ng kanyang puso ay isang matinding mithiin na sana ay muli niyang makita ang lalaki.

Aminado siya, mukhang tinamaan siya nang matindi kay Yuan. Doble ang tiim ng damdamin niya para sa binata kumpara sa damdamin niya para kay Brett noon. Isa pa ay nahuhulog siya sa kakaibang kislap na nasa mga mata nito—kislap ng kalungkutan.

Gusto niyang malaman kung ano ang nagpapalungkot dito. Kailangan niya itong makita ulit. Gagawa siya ng paraan para muli silang magkita.



Lumarawan ang matinding pagkagulat sa mukha ni Harold nang makita siya sa pintuan ng malaki nitong opisina. He just turned fifty-two months ago. Maalaga sa katawan ang ninong niya. He's fit despite his age minus the little flap in his tummy. May kakaunti nang uban pero siya ang nagmimintina sa pagda-dye ng buhok nito.

“Hija!” Buong galak siyang sinalubong ni Harold ng mahigpit na yakap. “Lixy, you're back! Ikaw nga ba ito? Akala ko nama'y magtatagal ka na naman doon sa

townhouse ng Lola Amalya mo.”

Buong lugod niyang ring ginantihan ang yakap nito. “Ninong, nahuli kong nakasilip na naman dito si Ms. Prima,” aniya imbis na magkomento sa sinabi nito. Ang tinutukoy niyang Prima ay ang isang dekada nang sekretarya ni Harold. “Di ba hindi pa rin siya nag-aasawa?”

“Hindi pa nga. Bakit?” She grinned. “Ano na naman ang tinutumbok mong bata ka?”

“Bakit kaya hindi pa siya nag-aasawa? Baka kayo pala ang para sa isa’t isa, Ninong! Isipin mo, ha, hindi pa nag-aasawa si Ms. Prima kahit na may hitsura naman siya. At kung hindi mo pa napapansin, Ninong, may kakaibang kislap sa mga mata niya pag nakatitig sa ’yo. Crush ka niya panigurado!”

“Pinapagana mo na naman ang pagiging writer mo. Prima and I are just friends.”

“Hindi mo siya type?”

Harold blushed and she wanted to shriek. Kinikilig siya sa dalawa. Hindi na masama kung si Prima ang makatuluyan nito. She’s prim and proper. Bagay na bagay ito sa ninong niya na tila hindi makabasag-pinggan sa kabaitan.

“Huwag nga nating pag-usapan ang tungkol diyan. Ikaw, bakit ang sigla mo na agad? Aren’t you supposed to be cranky yet?” Bahagya nitong inilayo ang katawan para mapagmasdan siyang mabuti. “You look surprisingly well, I mean...”

“Hindi ako mukhang haggard? Yes, I know, Ninong. Kahit ako man ay hindi makapaniwala. My stay at Lola’s townhouse was fine. Mas naging bakasyon

iyon kaysa pagdadalamhati. Kaya siguro naging maaliwalas ang mukha ko.”

Kumislap ang tuwa sa mga mata ni Harold. “Puwede ko bang malaman ang dahilan? After twelve long months, finally, natauhan ka rin.”

Maluwag na ngumiti si Calixta at inokupa ang couch. “I met someone.”

“May nakilala ka?” Nawala ang tuwa sa mukha nito at napalitan ng pag-aalala. Alam na alam nito kung gaano siya katanga pagdating sa lalaki. “Gusto kong isiping nakakilala ka ng isang bagong kaibigan. Babaeng kaibigan.”

“No, Ninong. May nakilala akong lalaki. Guwapo, matangkad, mayaman at—”

“Calixta Madrieta, tama na! Lalaki na naman? Give your heart a break, hija. Gusto mo bang masaktan ulit? Ayoko nang maulit na naman ang dinanas mo kay Brett. Why don’t you travel? Or start a new business? I-fi-finance ko ang negosyo mo.”

“I’m not cut out for business, Ninong. Isa pa, okay na ako sa trabaho ko bilang manunulat.” Bumuntong-hininga siya. “And, Ninong, hindi mo ako naiintindihan, eh. Iba ang nararamdaman ko para kay Yuan. Ibang-iba siya sa lahat ng nakilala ko...”

“So, Yuan ang pangalan ng lalaking bago mong kinahuhumalingan?”

“Ninong, don’t make it sound like I’m being silly. Suportahan na lang po ninyo ako, please.” She batted her eyelashes. Nakukuha niya sa ganoon ang Ninong Harold niya.

Umiling ito, seryoso pa rin ang mukha. Hindi

umubra ang style niya. “No, hija, you’re not being silly. You’re being far worse than that! And no, hindi ko na susupportahan ang kabaliwan mong ito. Not this time.”

Sumimangot si Calixta. “But I’m in love!” bulalas niya.

“Pangatlong beses ko na iyang narinig sa ’yo. Wala ka na bang ibang gustong gawin sa buhay maliban sa maghanap ng lalaking aasawahin? Paano nga pala nabaling sa lalaking iyan ang damdamin mo? I don’t think you’re really in love, Calixta. May nakita ka lang siguro sa Yuan na iyan. Bagay na lilipas lang din.”

“Ninong! You make it sound like I’m a horrible person,” she frowned. “I just want to find my one true love. Nararamdaman ko, Ninong, ito na iyon. Si Yuan na ang lalaking para sa akin.” Humalukipkip siya. “Pero kung ayaw mo akong tulungan, okay lang. I’ll still pursue this guy. Nararamdaman kong siya na talaga ang lalaking para sa akin,” aniya at masama ang loob na nilisan ang opisina ni Harold.



Chapter Five

Lumulan sa kanyang *Toyota Vios* si Yuan nang masigurong nasa sasakyan na ang lahat ng gamit niya. Uuwi siya sa farm ng pamilya nila sa Sta. Barbara. Kailangan niyang lumayo na muna. Ayaw niyang makabalita ng tungkol sa katatapos lang na kasal ni Aihla, ang nag-iisang babaeng minahal niya.

Siya ang nag-alaga at nagmahal sa dalaga noong mga panahong sinaktan ito ni Yvo, pero sa huli ay si Yvo pa rin ang pinili nito. Si Yvo na kilala sa pagiging palikero at sangkatutak na babae ang pinaluha. Si Yvo na kahit kaibigan niya at kasama sa *Formula 1* ay ayaw niya pa ring pagkatiwalaan pagdating sa babae. Hindi niya lang talaga matanggap na ito pa rin ang pinili ni Aihla sa kabila ng hindi nito magagandang katangian.

Gabi na nang marating niya ang farm.

Nakaramdam siya ng ginhawa nang masilayan ang ancestral house na minana pa ng abuelo niya sa mga ninuno nilang Español. Gawa sa mahusay na kahoy ang mga pader, at Spanish tiles ang sahig. Mataas ang kisame at malalaki ang bintana na gawa sa capiz shells. Dalawang palapag ang bahay at may maluwang na terasa sa ikalawang palapag na animo nakadungaw sa malawak na mga taniman. The Spanish house reminded him of so many things in the past. Minsan naiisip niyang baka may biglang lumutang na babaeng nakasuot ng saya o mga prayle sa isa sa malalaking bintana.

Kapag nasa Ybarra farm siya, para na ring nag-time travel ang kaluluwa niya sa nakaraan o na-stuck sa isang timeloop. Ni walang maayos na telepono sa loob ng bahay dahil ayaw ng ama niyang pakabitan ng linya.

Ipinikit ng binata ang mga mata at dinama ang dapyo ng malamig at malinis na hangin sa kanyang mukha. “Home, at last.”

Noong bata si Yuan ay madalas silang magbakasyon sa farm kasama ang mga magulang at kapatid. He remembered how the green grass tickled the sole of his feet. Naalala niya ang mga tipaklong na pinaghuhuli niya noon at kung paano niya pilyong pinaghuhugot ang mga repolyo sa nursery bed. Madalas din silang maglaro ng taguan ng Ate Alice niya sa greenhouse at sa bodega ng kopra.

Dati-rati ay nagpupunta sila sa farm tuwing bakasyon, pero dumalang iyon nang maging Justice Secretary ng Pilipinas ang amang si Benigno at naging abala masyado sa trabaho. His mother was also a

lawyer and a politician. Ang nakatatanda niyang kapatid na si Alice ay nag-aral ng Abogasya hanggang ikatlong taon bago nagpasyang huminto dahil nabuntis ito ng nobyong Amerikanong doktor. Nagpakasal ang dalawa at tuluyan nang nanirahan sa Amerika.

He, too, studied Law and passed the bar exams at first take earning an impressive score. Pero hindi niya sineryoso ang propesyon. He remembered how angry and disappointed Benigno Ybarra was. Pero wala siyang magagawa. Wala roon ang puso niya. He wanted to race, kaya naman sumali siya sa *Formula 1*. Pero alam niya balang araw ay sa kanya rin mapupunta ang pamamahala ng law firm nila na pinatatag na ng ama nila.

Sa kasalukuyan ay wala sa Pilipinas ang mga magulang niya at nagtungong Amerika para bisitahin ang Ate Alice niya at ang pamilya nito.

Bumaba si Yuan at ibinaba ang mga gamit sa backseat bago binuksan ang trunk ng kotse. Napatda siya nang may maaninag na pigura ng tao. Hindi gumagalaw ang pigura kaya kinabahan na siya. Nakabaluktot iyon at tumakip ang buhok sa mukha. Makurba ang balakang at Cup B yata ang hinaharap! “The f*ck! Babae!” Wala itong malay at maputla na ang balat.

Umatras siya at muli ring lumapit sa trunk, hindi malaman ang gagawin. “This is not real.” Ikinurap niya ang mga mata at idinutdot ang hintuturo sa braso ng walang malay na babae. Totoo nga! May tao talaga sa trunk ng kotse niya! Kulay rosas na blusa at itim na leggings ang suot. Sino ang babaeng ito? Hinawi niya

ang buhok ng estranghera at sinilip ang mukha nito.

“Shit!” mura niya nang maalala ang babaeng pinagsarhan niya ng gate at nilapitan ng dalawa niyang Doberman nang nagdaang linggo. Malinaw pa sa utak niya ang hitsura nito. Akala siguro nito ay inutusan niya ang mga alaga na kagatin at patayin ito dahil sa sinabi niyang ‘Kill’ at ‘Bite’ pero hindi ganoon ang ibig niyang sabihin. Ang sabi niya ay ‘Kel’ at ‘Bayt’ dahil iyon ang pangalan ng mga alaga niya.

Kinarga niya ang dalaga at tinawag ang katiwala ng malaking bahay. “Manang Tarsing, pakitawagan ho si Dra. Casuri.” Tumiim ang mga bagang ni Yuan nang sulyapan ang maamong mukha ng wala pa ring malay-tao na dalaga. “May pasyente tayo. Naligaw sa trunk ng kotse ko.”



Umungol si Calixta bago unti-unting iminulat ang mga mata. Tumama sa mukha niya ang maliwanag na sikat ng araw mula sa malaking bintana. The window was wide and old. The place was creepy in a sense that it reminded her of the Spanish era. Mukhang nagising siya sa sinaunang panahon.

Walang telebisyon. Walang telepono. May antigong lamesa sa kanang sulok at malaking plorera sa ibabaw niyon kung saan nakalagak ang tatlong sariwang rosas. Sa gilid ng bintana ay tumba-tumba na bagaman luma ay alam niyang matibay pa.

“Finally, you’re awake,” anang galit na tinig.

Napalingon siya sa kaliwang bahagi ng malawak na silid at namalas niya ang madilim na anyo ng isang

matikas na binata. Kailangan pa niyang lumunok at puwersahang isara ang umawang na bibig. Wala nang guguwapo pa rito. Mestizo ito, matangkad at matipuno ang pangangatawan. Si Yuan. Nakaupo ito sa malaking kahoy na silya malapit sa pinto at madilim na madilim ang mukha.

“Y-Yuan...” Tumikhim si Calixta at sinuyod ng tingin ang sarili. Polong panlalaki ang suot niya na umabot ang haba hanggang tuhod. “Did you put me to bed?”

“Yes, because I had no choice. Nawalan ka ng malay.”

“D-did you... did you...” Hindi niya matanong sa kausap kung ito rin ba ang naghubad sa kanya. Nakita na ba nito ang pinakatagu-tago niyang yaman? Kahit na sa dalawa niyang naunang nobyo ay hindi pa siya nagburles kailanman. Base one and two were okay, pero ibang usapan na ang home run. She chose to preserve her flower. Nangako siya sa sariling hindi kasama sa offer ang katawan niya.

“No. Si Manang Tarsing ang nagpalit ng damit mo. Basang-basa ka ng pawis nang matagpuan kita.” Tumiim ang galit sa mga mata nito. “Baliw ka ba? Ano’ng ginagawa mo sa trunk ng kotse ko? Bakit mo ba ako kinukulit?” walang ligoy nitong dugtong.

Nagbaba siya ng mukha. “P-pasensya ka na. Pinuntahan kita sa bahay mo sa Cottage Road, pero nakita kong paalis ka. Gusto kitang kausapin pero hindi ko alam kung paano o kung saan ako magsisimula lalo pa’t may pupuntahan ka kaya naisipan kong sumama na sa ‘yo.”

“Sumama ka sa akin nang hindi ko alam? Sumiksik ka pa sa trunk ng kotse ko. Paano kung tuluyan kang nalagutan ng hininga? Di nadamay pa ako sa kabaliwan mo.”

“I’m really, really sorry.”

“Tsaka tingin mo ba ay gusto kitang isama rito sa Sta. Barbara?”

Nanlaki ang kanyang mga mata. “Nasa Sta. Barbara tayo?”

Hindi nagsalita ang binata, sapat na ang sumilay na mapang-uyam na ngiti sa mga labi nito para kabahan siya.

“Malinis na ang mga damit mo at nasa tokador lang. Ayusin mo ang sarili mo. Ibabalik na kita sa Maynila.” Iyon lang at tumayo na si Yuan saka lumapit sa pinto.

“No!” madiin niyang protesta.

“No?” kunot-noong lingon nito sa kanya.

“I don’t want to go home... yet. G-gusto pa kitang makasama muna. Wala ka naman nang magagawa, nandito na ako. Just let me stay, please.” Huminga siya nang malalim. “Ang totoo niyan, nagpunta talaga ako sa bahay mo para sana ikumpisal ang damdamin ko sa ’yo. Gusto kita. No, tingin ko mahal na kita. Call it love at first sight. Nangyayari naman ang ganito, di ba?”

Naningkit ang mga mata ni Yuan sa mga sinabi niya. “Naririnig mo ba ang sarili mo? Last week lang tayo nagkita. Except for the stupid letters, you know nothing more about me. Ni hindi mo alam kung ano ang apelyido ko.”

“Hey, I know what your last name is. Ybarra!”

Right? I did my research. I also know that you're into car racing. Mahilig ka rin sa kalabasa. Ayaw mo sa amoy ng suka. And you can tell me whatever it is that I do not know yet." Bumangon siya ng kama at isinandal ang likod sa headboard. "Handa naman akong kilalanin ka."

Pinukol siya nito ng di-makapaniwalang tingin. "Listen, Miss..."

"Calixta. Calixta Madrieta Vera-Cruz. But friends call me 'Lixy'. Lixy na rin ang itawag mo sa akin."

"Calixta," sambit nito sa tonong igigiit ang sariling gusto. Hindi ito ngumingiti at puno ng tinitimping galit ang kislap sa mga mata. "Tatapatin na kita ngayon pa lang, wala kang aasahan sa akin dahil hindi ako interesado sa 'yo. May mahal na ako at wala sa plano kong ibaling sa iba ang damdamin ko para sa kanya."

Hindi nakakibo si Calixta kahit na noong lumabas ng silid ang binata. May mahal itong iba. Nakagat niya ang labi nang marinig iyon. Nagsisimula na ba ang serye ng kamalasan sa yugtong ito ng buhay niya? Susugal ba siya?

